Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON

CITY SCHOOLS DIVISION OF ANTIPOLO

MEMORANDUM

PARA SA : Mga Tagamasid Pampurok
Mga Punongguro
Pampublikong Paaralang Elementarya
Mga Gurong Tagapag-ugnay

MULA KAY : **DR. ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala

TUNGKOL SA: **PAGSUSUMITE NG ULAT HINGGIL SA RESULTA NG KATAPUSANG PAGTATAYA SA PAGBASA SA ANTAS ELEMENTARYA MULA BAITANG 1-6**

PETSA : ika – 8 ng Pebrero 2018

Bilang pagtugon sa napagkasunduan sa katatapos na Komperensya ng mga Pinuno sa Pagkatuto (ALL IV-A CALABARZON) noong ika-1 ng Pebrero 2018 na ginanap sa Lungsod ng Batangas at sa kahilingan ng ating Pangrehiyong Tagamasid sa Filipino at Hepe ng Dibisyon sa Implementasyon ng Kurikulum na si Dr. Erico M. Habijan, ang lahat ng Sangay sa buong Calabarzon ay magsusumite ng ulat hinggil sa Kinalabasan ng Katapusang Pagtataya sa Pagbasa mula Baitang 1 hanggang 6 sa TP 2017-2018 (Oral Reading)

Layunin nito, ang mataya ang kalalagayan ng ating mga mag-aaral mula baitang 1-6 sa larangan ng pagbasa at ang epekto sa performans ng Rehiyon IV-A pagdating sa NAT na ibinibigay ng Bureau of Educational Assessment ng Kagawaran ng Edukasyon. Gayundin ang estado ng kabisaan at kahusayan ng mga programang pang-interbensyon sa pagbasa na inilulunsad sa bawat paaralan na siyang magiging basehan sa paggawa ng saliksik (research)

Hinihiling na maisumite ang pinagsamang ulat sa bawat distrito kalakip ang ulat ng bawat paaralan sa Ika -13 ng Abril 2018 sa pansangay na tanggapan c/o **G. REYNALDO M. ANDRADE, JR.** Pansangay na Tagamasid sa Filipino. Mangyaring sundin ang format ng ulat sa ibaba:

Ulat sa Panapos na Pagtataya sa Pagbasa (Pasalita)
TP - 2017-2018

Baitang	Bilang ng Enrolment	Bilang ng binigyan ng pagtataya	Antas ng Pagbasa (Pasalita)							
			Di-Nakakabasa		Kabiguan		Pampagkatuto/ Instruksyunal		Malaya	
			Blg.	%	Blg.	%	Blg.	%	Blg.	%
1										
2										
3										

Mangyaring ilakip ang mga programang pang-interbensyon sa pagbasa naging epektibo sa pagtaas ng antas o kakayahan ng mag-aaral sa pagbasa.

Para sa malawak na pagpapalaganap ng impormasyong ito ay lubos na inaasahan.

UM - 79, 2018

@RMAJR., 2018